

Pag iingat at Panlaban sa impeksyon sa pagpasok ng Bagong Taon

Disyembre 15, 2021 Gobyerno ng Hokkaido

Patuloy na tumataas ang lebel ng impeksyon dahil ng madalas at pagdami ng mga pagtitipon sa pagtatapos ng taon. Kaya hinihiling ng Hokkaido ang kooperasyon ng lahat sa pagsasagawa ng mga panlaban sa impeksyon upang maiwasan ang presyon sa sistemang medikal at mapanatili ang pagsasagawa ng mga pang sosyo-ekonomikong aktibidades.

Hiling sa mga residente ng Hokkaido: 5 Pag iingat para sa 3 sitwasyon na madaling magkaimpeksyon!

Kung magbibiyahe	① Ipatupad ang pangunahing panlaban sa impeksyon, lalo na sa pagpasok ng Bagong Taon na matao kahit saang lugar (Pag iwasa sa “3 C”, madalas na paghuhugas ng kamay, wastong paggamit ng mask)	Siguruhin na may wastong bentilasyon habang pinapanatili ang tamang temperatura ng silid
Kung kakain o iinom sa labas	② Mag test bago o matapos bumiyaha	
Kung makikihalubilo sa may edad o taong hindi madalas makasama	③ Iwasang magsalita nang malakas at matagal na pagtitipon sa isang lugar, magsuot ng mask kung magsasalita ④ Dobleng ingat kung makikihalubilo sa may edad o taong magiging malala ang kondisyon kapag naimpeksyon ⑤ Mag pa test bago makihalubilo sa may edad o taong magiging malala ang kondisyon kapag naimpeksyon.	

Bakuna	▶ Magpabakuna ng Bivalent vaccine (Mangyaring magpabakuna bago magbagong taon).
Paghanda ng mga supplies	▶ Thermometer, gamut sa lagnat, pagkain, pang araw-araw na pangangailangan, Antigen test ▶ Kung may lagnat o anomang sintomas, mag test sa sarili at magpatala sa Hokkaido Positive case registration center

Pamamaraang isinasagawa ng Gobyerno ng Hokkaido

Seguridad ng bed sa ospital

- Siguruhin/panatilihin na may magagamit na bed sa ospital
- Ipatupad ang wastong alertong lebel ng medikal batay sa pagbabago ng bilang ng mga naka confine na pasyente.

Pagpapabuti ng Sistemang medikal ganoon rin para sa pasyente na may influenza na kasabay na mauuso

- Pag aayos ng sistemang medikal ayon sa aktuwal na sitwasyon ng lokal na intitusyong medikal. Pananatili at seguridad ng mga kakailanganing organisasyon para sa “Hokkaido Covid-19 Positive Registration Center” “Positive Case Health Support Center” “Hokkaido Health Consultation Center”
- Seguridad na sistema para sa supply ng mga maaaring inuming gamot (Xocova)

Pag promote ng bakuna

- Pagpapabuti ng kampanya ng bakuna upang ang may nais na magpabakuna ng laban sa Omicron ay mababakunahan sa pagtatapos ng taon.
- Ang Mga Hokkaido Vaccination Centers ay patuloy na magpapatakbo hanggang Enero at pasulong rin, sisiguruhin ang malawakang saklaw ng mga pagkakataon sa pagpapabakuna at pang-ugnay sa mga pagtatatag nang mga sistemang pang munisipal..

Pagseguridad ng mga Sistema ng testing, atbp.

- Pagsiguro ng mga Sistema ng testing at pangunahing sentro ng transportasyon at pagbuo ng mga mas epektibong publisidad ng kampanya
- Pagsasakatuparan ng madalas na pag-test sa mga pasilidad para sa mga matatanda, atbp.
- Mga takbo ng monitor para sa BQ.1 strains, atbp. Gamit ang pagsusuring genome

Paghimok sa mga negosyong tourism at para sa mga turista na ugaliin ang hakbang sa pagpigil ng impeksyon

- Hiling sa muling pag-inspeksyon ng mga hakbang upang mapigilan ang impeksyon sa mga hotel, atbp.
- Pag-apila sa mga panauhin ng Hokkaido (kasama ang mga dayuhang turistang bumibisita sa Japan)

Mga Hiling sa mga residente ng Hokkaido at mga may-ari ng negosyo

Mga residente at bisita ng Hokkaido

- Isakatuparan ang pangunahing panukalang laban kontra impeksyon, lalung-lalo na sa panahon ng Bagong Taon kung saan ang karamihan ng lugar ay magiging matao. (Iwasan ang “3 C’s”, laging maghugas ng mga kamay, Tamang paggamit ng mask)
- Magpasuri bago at matapos pagbiyahe
- Kapag magbibiyaha sa ibang mga prepektura, Puspulang pagsasakatuparan ng mga pangunahing hakbang at pigilan ang mga gawang magdudulot ng mataas na panganib ng impeksyon sa lugar na patutunguhan.
- Gamitin ang mga departamentong pang emerhensya at mga ambulansya kung talagang kailangan lamang
- Kung ikaw ay may mga kaibang sintomas, pigilang lumabas, huwag papasok sa trabaho, pagpasok sa eskwela o kindergarten, atbp.
- Iwasang magsalita ng malakas, mahabang oras sa isang lugar, at paggamit ng mask habang kakain sa labas
- Kung kakain sa labas, pumili ng mga lugar na sertipikado ng Hokkaido Restaurant Infection Prevention at makipagtulungan sa mga hakbangin ng pagsugpo ng impeksyon.
- Ang mga matatanda at ang mga may mataas na panganib ng malalang sintomas, gayon rin sa mga may planong makipagkita sa iba’t-ibang grupo, ay kailangang kumuha ng ibayong pag-iingat upang masiguro ang pangunahing hakbang sa pagsugpo ng impeksyon
- Magpasuri bago makipagkita sa matatanda/sa mga may mataas na pangabib ng malalang sintomas
- Kung ikaw ay alala na naimpeksyon, magpasuri, kahit na wala kang sintomas na ikaw ay naimpekta
 - Ang mga edad 65+ pataas, ang mga mayroong karamdaman, mga nagdadalang-tao, atbp. Ang mga may sintomas ng posibleng impeksyon at nagnanais na makipagkita sa doktor: Kontakin ang inyong family doctor. Kung kayo ay walang family doctor, kumontak sa "Hokkaido COVID-19 Medical Consultation Center"
 - Sa mga may edad na mababa sa 65, ang mga katamtamang sintomas na may pinaghihinalaang impeksyon at nagnanais na kumuha ng COVID-19 test na hindi bibisita sa isang Doktor: Kumontak sa "Hokkaido Covid-19 Positive Registration Center" at gawin ang self-test
- Ikonsidera ang pagtanggap ng bakunang Bivalent (Para sa mga may kakayahan, ikonsiderang tumanggap ng bakuna bago mag Bagong Taon).
- Ikonsiderang pabakunahan ang mga bata
- Igayak ang mga gamit gaya ng pang-grado o thermometer, gamot sa lagnat, pagkain, pang-araw-araw na pangangailangan, antigen tests
- Siguruhin ang sapat na bentilasyon, habang nag-iingat upang mapanatili ang angkop na temperatura sa loob ng bahay

Mga pag-alagang pasilidad sa mga matanda atbp.

- Ikonsidera ang opsyon ng mga online miting sa mga matatandang residente at ang kanilang mga pamilya. Ipatupad ang mga hakbangin na inilarawan sa “Care worker infection countermeasure handbook”, at pakikipagtrabaho sa gobiernong lokal, kasama ang Health Center at Hokkaido gayon rin sa regional government upang masiguro ang sapat na suportang medical at pamamahala ng impeksyon.
- Isakatuparan ang regular na pagsuri sa mga nagtatrabaho batay sa sitwasyon ng impeksyon sa lokalidad, at siguruhin na napapangalagaan ng mga trabahador ang kanilang kalusugan, habang tinitiyak na sila ay makakapagpahinga kung sakaling magkasakit
- Isakatuparan ang pagsasanay kung ano ang dapat gawin kung magkaroon ng impeksyon sa loob ng pasilidad, at turuan /payagan ang mga trabahador na tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19 kung kanilang nanaisin.

Mga Paaralan

- Isakatuparan ang mga hakbangin batay sa manwal ng Hygiene management at pag-ingatang ikonsidera kung paano tumatakbo ang mataas na panganib ng impeksyon.
- Mga aktibidades na pang edukasyon na kakailanganin ang mga pagtiggil magdamag (paaralang iskursiyon, mga pagtiggil magdamag, atbp.) ay matutupad matapos kuhanin ang masusing inspeksyon sa mga hakbanging pagsugpo ng impeksyon, pagpapatunay sa mga magulang ng mga layunin at ang pagtanggap ng mga pupuntahang destinasyon.
- Upang maiwasan ang impeksyon, masusing hakbangin ay isasagawa sa mga Club activities, gaya ng maraming pagsusuri ng kalusugan. Sa karagdagan, ang mga panlabas na laro, atbp., ay gaganapin ng may masusing hakbangin upang masugpo ang impeksyon, kasama kung lilipat o magpapalit ng mga damit, batay sa mga patnubay ng pagsugpo ng impeksyon nang kanya-kanyang sports association.
- Isakatuparan ang regular na pagsusuri para sa mga nagtatrabaho batay sa sitwasyon ng impeksyon sa lokalidad at turuan/payagan ang mga trabahador na tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19 kung kanilang nanaisin.
- Mga Unibersidad, paaralang bokasyonal, atbp. Ay kukuha ng sapat na mga hakbangin upang masiguro ang parehong pagsugpo ng impeksyon at ang epektibong implementsyon ng face-to-face na mga klase at mga online nas klase upang masiguro ang mga pag-aaral na oportunidad . Sa karagdagan, kanilang patataasin ang kamalayan ng mga mag-aaral ukol sa mga hakbangin upang masugpo ang impeksyon na may kaugnayan sa mga aktibidades na labas ng paaralan.

Mga Nursery atbp.	<ul style="list-style-type: none"> - Sundin ang mga hakbangin na naibanghay sa "Infection measure guidelines for nurseries," at siguruhin na ang mga batang may lagnat o may ibang sintomas ay manatili sa bahay. - Ang tauhan o Staff ay kailangang kumuha ng PCR o RAT na pagsusuri batay sa kinakailangang bilang ng impeksyon at ang pag-ulat kung may sintomas o pagbabago sa kanilang kalagayan. Ang pagkuha ng bakasyon o Leave ay kailangang kaagad handa para sa tauhan o staff na magkakasakit. - Siguruhin na may sapat na pagsasanay para sa tauhan o staff kung paano aaksyunan sa mismong oras ng impeksiyonon, at ang staff na may nais kumuha ng bakuna ay magagawang tumanggap nito.
Mga May-ari ng negosyo	<ul style="list-style-type: none"> - Ipasakatuparan ang mga kailangang hakbangin upang pigilan ang istorbo sa pagpapatuloy ng negosyo, tulad ng pagpapanukala at pagsusuri nang mga plano sa pagpapatuloy ng negosyo (BCPs) <ul style="list-style-type: none"> - Pagpapalaganap ng telework (trabaho mula sa bahay), atbp. - Ipaalam sa mga empleyado na hangga't hindi sila itinatalagang "close contact" ang mga empleyado ay hindi pahihintuin na pumasok sa trabaho matapos magkaroon ng ugnayan sa isang naimpeksiyon ng COVID-19 - Sa mga kaso kung saan may suspetsang ito ay magiging mahirap o imposibleng magtrabaho, ipaalam sa mga residente, mga kasosyo sa negosyo, mga parokyano, atbp. nang maaga at ipaliwanag kung paano ninyo pangangasiwaan ang mga pagkakaantala - Sumunod sa mga patnubay o mga guidelines ng Industriya - Ipasakatuparan ang ganap na mga hakbangin para sa pagsugpo ng impeksiyon gaya ng tamang bentilasyon sa mga lugar na kung saan nagtitipon-tipon at pagsasanay sa tamang pamamahala ng maramihang tao - Siguruhin ang sapat na bentilasyon sa mga restawran, siguruhin ang angkop na pagitan ng mga upuan, maglagay ng mga partision, atbp. - Diseminasyon at magtatag ng mga hakbangin upang pigilan ang pagkalat ng impeksiyon sa mga may negosyo at mga kapwang gumagamit sa pamamagitan ng negosyong pagpapa-unlad sa Hokkaido - Gumawa ng mga tuluyan para masiguro na ang mga empleyado na nais magpabakuna ay magagawang kumuha - Ipaalam sa mga empleyado na hindi nila kailangang magbigay ng sertipikong positibo sa umpisa ng panahon ng paggaling sa COVID-19
Mga Restawran atbp.	<ul style="list-style-type: none"> - Sundin ang mga hakbangin sa pagkontra ng impeksiyon sa checklist - Pagtanggap at pagkilala sa mga restawran sa pamamagitan ng Hokkaido restaurant infection countermeasure verification system (HRICVS)

Mga Hiling ukol sa mga kaganapan

Pagpigil ng impeksiyon planong kaligtasan nasa tama po ba?	Limitasyon ng Dadalo	Limitasyon ng Kapasidad	
HINDI	5000, o 50% ng pinakamaraming dadalo, alinman ang malaki	Walang malakas na mga boses	Sa loob ng 100% (Wastong distansiya sa pagitan ng mga dadalo kung walang mga upuan na ibinigay)
		May malalakas na mga boses	Sa loob ng 50% (Wastong distansiya sa pagitan ng mga dadalo kung walang mga upuan na ibinigay)
OO	100% ng pinakamaraming dadalo	Sa loob ng 100% (Ipinalalagay na walang mga malakas na boses)	